

## Mga Bakunang COVID-19: Haka-haka vs. Katotohanan

Maraming haka-haka na lumulutang tungkol sa mga bakunang COVID-19.

Ang mga sumusunod ay ilan sa karaniwang mga haka-haka na walang tiyak na pagkakasunud-sunod o preperensya.

### HAKA-HAKA SA BAKUNA

### KATOTOHANAN SA BAKUNA



**HAKA-HAKA:** Ang bakunang COVID-19 ay makaaapekto sa pertilidad ng isang babae.

**TOTOO:** Hindi makaaapekto ang bakunang COVID-19 sa pertilidad

Hinihikayat ng bakunang COVID-19 ang immune system ng katawan na labanan ang virus sa pamamagitan ng pag-target sa mga protina na matatagpuan sa virus. Ang protinang ito ay hindi katulad ng protina na may kinalaman sa pagbubuntis. Gayunpaman, ang pagkakaroon ng sakit na COVID-19 ay maaaring seryosong maka-apekto sa pagbubuntis at pangkalahatang kalusugan, kabilang ang komplikasyon sa paghinga o pangangailangan ng suporta sa paghinga.



**HAKA-HAKA:** Magkakaroon aka ng myocarditis o pericarditis sa bakunang COVID-19.

**TOTOO:** Milyun-milyong dosis ng bakunang COVID-19 ang naibigay na at ang panganib na pamamaga sa puso ay medyo mababa.

Ang posibilidad na magkaroon ng pamamaga sa puso (hal., myocarditis o pericarditis) pagkatapos magpabakuna ay mababa. (< .0001%).

Milyun-milyong kaso ng myocarditis ang nasusuri taun-taon na walang kinalaman sa COVID-19. Sa bihirang kaganapan ng pamamaga ng puso mula sa bakunang COVID-19, humigit-kumulang na 80% ay gumaling at nakalabas ng hospital.



**HAKA-HAKA:** Hindi sulit magpabakuna ng COVID-19 dahil maaari ka pa ring mahawaan ng COVID-19.

**TOTOO:** Ang mga benepisyo ng bakunang COVID-19 ay higit sa panganib ng impeksyon sa COVID-19.

Ang pagpapabakuna ay nagbibigay ng malaking tulong sa proteksyon at binabawasan ang kalubhaan ng karamdaman dala ng sakit na COVID-19. Kung hindi nabakunahan, may mga karagdagang panganib ang sakit na COVID-19 na maaaring humantong sa iba pang mga sakit tulad ng Multisystem Inflammatory Syndrome sa mga Bata (MIS-C), o nurolohiyang sintomas at cognitive dysfunction sa mga long haulers\*.



**HAKA-HAKA:** Huli na upang makuha ang pangalawang dosis ng bakunang COVID-19.

**TOTOO:** Hindi pa hull para magpabakuna!

Hindi pa huli! Dapat kunin ang pangalawang dosis nang malapit sa rekomendadong 3 o 4 na linggo na pagitan hangga't maaari. Inirerekumenda ng CDC na ang iyong pangalawang dosis ay maaaring kunin hanggang 6 na linggo (42 na araw) pagkatapos ng unang dosis. Gayunpaman, kung nakuha mo ang bakunang COVID-19 nang mas maaga o huli, hindi kailangang umpisahan ulit ang serye ng bakuna.



**HAKA-HAKA:** Ang bakunang COVID-19 ay hindi gagana laban sa iba't ibang mga variant ng COVID-19.

**TOTOO:** Ang mga bakunang COVID-19 ay epektibo pa rin laban sa mga variant ng COVID-19, kabilang ang Delta variant.

Ipinahihiwatig ng kasalukuyang datos na ang bakunang COVID-19 na pinahintulutan sa Estados Unidos ay nagbibigay ng proteksyon laban sa karamihan sa mga variants na kasalukuyang kumakalat sa bansa kabilang ang Delta variant. Ang bakunang COVID-19 ay nagbibigay pa rin ng proteksyon laban sa malubhang sakit na COVID-19, kasama ang pagkamatay o pagpapa-ospital.

\*Long Haulers ay ang mga nakakaranas ng patuloy na mga problema sa kalusugan **ng 4 na linggo o higit** pa pagkatapos na unang mahawa sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga bakunang COVID-19, bisitahin ang:

**coronavirus-sd.com/vaccine**



## Mga Bakunang COVID-19: Haka-haka vs. Katotohanan

Maraming haka-haka na lumulutang tungkol sa mga bakunang COVID-19.

Ang mga sumusunod ay ilan sa karaniwang mga haka-haka na walang tiyak na pagkakasunud-sunod o preperensya.

### HAKA-HAKA SA BAKUNA

### KATOTOHANAN SA BAKUNA



**HAKA-HAKA:** Ang mga epekto ng mga bakunang COVID-19 ay mapanganib.



**HAKA-HAKA:** Ang pangmatagalang epekto ng bakunang COVID-19 ay labis ang peligro.




**HAKA-HAKA:** Wala akong pambayad sa bakunang COVID-19.



**HAKA-HAKA:** Kung maraming tao ang magpapabakuna hindi ko ito kakailanganin.



**HAKA-HAKA:** Nagkaroon na ako ng COVID-19 kaya't hindi ko na kailangan ang bakuna.



**TOTOO:** Ang mga posibleng epekto pagkatapos ng pagpapabakuna ay pansamantala at kadalasan ay nawawala paglipas ng ilang araw.

Ang mga epekto pagkatapos ng bakuna ay normal na mga palatandaan na ang iyong katawan ay bumubuo ng proteksyon. Ang mga epekto na ito ay mawawala sa loob ng ilang araw. Bagama't maaari kang makaranas ng kaunting pananakit o kawalan ng ginhawa, kadalasan sa lugar ng bakuna, ang bakunang COVID-19 ay isa pa ring mas ligtas na opsyon kumpara sa isang **long hauler\*** na nahawa sa COVID-19.

**TOTOO:** May kumpiyansa ang mga eksperto sa pangmatagalang kaligtasan ng bakunang COVID-19 sa pamamagitan ng dekada ng pananaliksik at pagsasanay.

Ang mga teknolohiya ng bakunang COVID-19 ay pinag-aralan nang maraming taon at ginagamit sa ibang paggamot nang walang isyu. Ang mga bakunang mRNA ay sinuri para sa trankaso at rabis, habang ang mga bakunang adenovector ay mabisa mula pa noong dekada 70 upang labanan ang mga sakit, tulad ng Ebola at Zika. Hanggang ngayon, ang bakunang COVID-19 ay patuloy na pinag-aaralan para sa kaligtasan.

**TOTOO:** Ang bakunang COVID-19 na may pahintulot ng FDA ay ipinamamahagi sa mga estado at local na komunidad ng walang gastos

Lahat ng may 12 taong gulang pataas ay maaaring magpapabakuna nang walang gastos. Hindi kailangan ng appointment ngunit maaari kung gugustuhin. Hindi ka makakabili ng mga bakunang COVID-19 sa online. Hindi mo kailangang magbayad upang magpapabakuna sa COVID. Wala kang babayaran galing sa sarili mong bulsa upang makakuha ng bakuna - bago mabakunahan o pagkatapos.

**TOTOO:** Lahat ng makakakuha ng bakunang COVID-19 ay dapat magpapabakuna upang protektahan ang sarili at ang komunidad.

Ang mga taong na-immunocompromised o mayroong kronikong medikal na kondisyon ay maaaring walang pagkakataon na mabakunahan dahil sa kanilang mas mahinang immune system. Ang panganib ng pagkamatay dahil sa COVID-19 para sa mga taong ito ay mas mataas din. Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay hindi lamang makakatulong sa iyong sarili kundi sa iba pa sa komunidad.

**TOTOO:** Ang mga tao na nagkasakit sa COVID-19 ay may matatanggap pa ring benepisyo sa pagpapabakuna.

Pinapayuhan ang mga nagkasakit na ng COVID-19 na magpapabakuna pa rin. Kung nagkasakit ka ng COVID-19, ang bakuna ay dapat ibigay 90 araw pagkatapos ng impeksyon o pagkatanggap ng terapiyang antibody. Posible ang muling ma-impeksyon, at ang pagpapabakuna ay isa sa mga mainam na paraan para protektahan ang sarili, ang iyong pamilya at ang iyong komunidad.

\*Long Haulers ay ang mga nakakaranas ng patuloy na mga problema sa kalusugan ng 4 na linggo o higit pa pagkatapos na unang mahawa sa COVID-19.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga bakunang COVID-19, bisitahin ang:

**coronavirus-sd.com/vaccine**

